



Tanggapan ng Coroner ng San Mateo County

Robert J. Foucrault, Coroner
225 37th Avenue, 3rd Floor, Suite A31
San Mateo, CA 94403
(650) 312-5562 Fax: (650) 571-6258

MGA TAGUBILIN SA APLIKASYON PARA SA CREMATION NG INDIGENT

Ang mga sumusunod ay mga tagubilin para sa pagtugon sa kahilingan sa Tanggapan ng Coroner ng San Mateo County para sa disposisyon ng mga hindi kinuhang labi ng tao. **Dapat sagutan ang packet na ito** kapag humihiling sa Tanggapan ng Coroner ng San Mateo County na kunin ang kustodiya sa labi (kasama ang labi na fetus na 20 linggo pataas) na hindi nakuha, alinsunod sa Health and Safety Code §7104.

Ang packet na ito ay may:

- Kalakip na Liham Tungkol sa Aplikasyon para sa Cremation ng Indigent
- Form na Impormasyon Tungkol sa Pumanaw at Pinakamalapit na Kamag-anak
- Form na Financial Statement ng Pinakamalapit na Kamag-anak

MGA TAGUBILIN:

Pangkalahatang Impormasyon: Bago mo magawang humiling sa Coroner na kunin ang kustodiya sa labi ng pumanaw, dahil indigent o hindi kinuha ang pumanaw, dapat mong matugunan ang ilang partikular na pag-aatas ng batas. Idinisenyo ang mga tagubilin at form sa packet na ito na matulungan kang matugunan ang mga pag-aatas na iyon at matiyak na napapangasiwaan nang maayos at walang pagkaantala ang iyong kahilingan. Sa pamamagitan ng iyong kooperasyon sa pagsagot nang buo sa mga form na ito at pagsunod sa mga tagubilin na nakalakip sa packet na ito, mas matitiyak na maipoproceso kaagad ang iyong kahilingan.

Pagsuko ng Karapatan: Sa pamamagitan ng paglagda sa dokumentong ito at paghiling sa Coroner na kunin ang kustodiya sa labi ng pumanaw, ipinapahayag mo na isinusuko mo ang lahat ng karapatan sa pagmamay-ari ng abo ng pumanaw. Ang abo ay wala sa lokasyon kung saan mabibisita ng pinakamalapit na kamag-anak.

Kalakip na Liham Tungkol sa Cremation ng Indigent: Ang form na ito ay nagsisilbing kalakip na liham kapag humihiling sa Coroner na tanggapin ang labi ng indigent o hindi kinuhang labi. Dapat itong sagutan at ilakip sa lahat ng iba pang form at dokumento sa bawat kahilingang isinusumite sa Coroner.

Form na Impormasyon Tungkol sa Pumanaw at Pinakamalapit na Kamag-anak: Sa form na ito, hinihiling sa iyo na magbigay ng demograpikong impormasyon tungkol sa pumanaw, ilista ang lahat ng kilalang pinakamalapit na kamag-anak, at idokumento ang iyong mga pagsisikap na mahanap ang pinakamalapit na kamag-anak na aako sa responsibilidad sa disposisyon ng labi. Para makasunod ka sa Seksyon 7104 ng California Health and Safety Code, dapat kang magsagawa ng masusing paghahanap sa pinakamalapit na kamag-anak at kung matagpuan siya,

dapat mo ipaalam sa kanya na alinsunod sa Seksyon 7100 ng California Health and Safety Code, bukod sa mayroon siyang karapatang magpasya sa disposisyon ng pumanaw, mayroon din siyang tungkulin at pananagutan na magbayad sa mga gastusin sa disposisyon. Sa katunayan, nilalayon ng masusing paghahanap na ito na matagpuan sana ang pinakamalapit na kamag-anak na aako sa kanyang nararapat na mga legal na responsibilidad. Kung magagawa ito, hindi na kailangang makialam ang Coroner.

Gayunpaman, kailangan mong idokumento ang iyong mga pagsisikap na mahanap ang pinakamalapit na kamag-anak sa pamamagitan ng paggawa ng mga malinaw at detalyadong tala sa form na ito. Halimbawa:

05/23/2014, 9:23 am- Tinawagan ko si John Smith, ang landlord ng pumanaw. (123-456-7890). Ayon kay Smith, nanirahan nang mag-isa ang pumanaw sa loob ng 9 na taon at hindi niya kailanman narinig na magbanggit ang pumanaw tungkol sa sinumang kapamilya o kaibigan.

05/23/2014, 9:23 am-Nakipag-ugnayan ako kay John Smith, ang landlord ng pumanaw (123-456-7890). Ayon kay Smith, ang pumanaw ay may kapatid na nagngangalang Michael na nakatira sa labas ng estado at makakaugnayan sa (123-456-7890).

05/23/2014, 9:38 am-Nakipag-ugnayan ako sa kapatid ng pumanaw na si Michael Jones, at kinumpirma niyang siyang lang ang nabubuhay na kamag-anak ng pumanaw. Nabanggit din ni Michael na hindi niya kayang bayaran ang mga gastusin para sa pag-aasikaso sa pinal na disposisyon ng kanyang kapatid.

Nakasaad sa Seksyon 7103 ng California Health and Safety Code na krimen para sa sinumang tao na may tungkulin sa paglilibing ang hindi pagtupad sa tungkuling iyon. Nakasaad din dito na ang sinumang hindi makakatupad sa tungkulin sa paglilibing ay **may pananagutang** bayaran ang taong nagsagawa ng tungkulin ng **halagang katumbas ng tatlong beses ng mga nagastos** sa paglilibing.

Kung hindi mo magawang panatilihin ang labi ng pumanaw habang masusi mong hinahanap ang pinakamalapit na kamag-anak, posibleng kailangan mong makipagkasundo sa isang mortuaryo para maiimbak ang labi hanggang sa matapos ang isinasagawa mong masusing paghahanap. Kung magpapasya kang ipaimbak sa mortuaryo ang labi, ang gastos sa pag-iimbak ay dapat na bayaran ng iyong pasilidad at **hindi ito dapat bayaran mula sa trust account o iba pang asset ng pumanaw.**

Kapag Natapos Mo na Ang Masusing Paghahanap Mo sa Pinakamalapit na Kamag-anak:

Ayon sa Seksyon 7104(a) ng California Health & Safety Code, “[k]apag walang ginawang probisyon ang pumanaw o kung hindi sapat ang kanyang ari-arian para sa paglilibing, at walang sinumang taong naninirahan sa estado na may tungkulin dito o kung hindi siya matagpuan sa estado pagkatapos ng makatuwirang pagsisikap, maaaring hilingin ng taong may kustodiya sa mga labi sa coroner ng county kung saan nanirahan ang pumanaw noong siya ay pumanaw na kunin ang mga labi at ang coroner ang magsasagawa ng paglilibing ayon sa itinakdang paraan para sa mga indigent.”

Samakatuwid, kung ang isang indigent ay isang residente ng San Mateo County, at pagkatapos ng masusing paghahanap ay hindi matagpuan ang sinumang legal na pinakamalapit na kamag-

anak ng pumanaw na naninirahan sa California, maaari mong hilingin na kunin ng Tanggapan ng Coroner ang labi alinsunod sa Seksyon 7104(a) ng Health and Safety Code.

Mahalagang tandaan na ***hindi ipinag-aatas ng batas*** sa Tanggapan ng Coroner ng San Mateo County na kunin ang mga labi kung may matagpuan na legal na pinakamalapit na kamag-anak ng pumanaw na nakatira sa California (anuman ang kanyang kakayahang bayaran ang mga gastusin sa disposisyon) ***at hindi ka rin pinapayagan ng batas*** na hilinging kunin ng Tanggapan ng Coroner ng San Mateo County ang mga hindi kinuhang labi kung residente ng ibang county ang pumanaw. Kapag ang isang pumanaw ay isang residente ng ibang county, dapat kang makipag-ugnayan sa coroner ng county kung saan nanirahan ang pumanaw noong siya ay pumanaw para makuha ang labi alinsunod sa Seksyon 7104 ng Health & Safety Code.

Form na Financial Statement ng Pinakamalapit na Kamag-anak: Ang form na ito ay kinakailangan lang kapag matagpuan ang pinakamalapit na kamag-anak ng indigent na pumanaw na residente ng San Mateo County ngunit (1) naninirahan siya sa ***labas*** ng California at (2) sinasabi niyang wala siyang pinansyal na kakayahang bayaran ang gastusin sa paglilibing. Sa mga ganitong sitwasyon, dapat mong abisuhan ang pinakamalapit na kamag-anak na sagutan ang form na “Financial Statement ng Pinakamalapit na Kamag-anak”. Kung walang pinansyal na kakayahan ang pinakamalapit na kamag-anak na magbayad para sa gastusin sa disposisyon, maaaring hindi siya panagutin ng batas sa responsibilidad na iyon kung makakapagpakita siya ng katibayan na hindi niya iyon kayang bayaran.

Bilang hiwalay na usapin, kapag ang legal na pinakamalapit na kamag-anak ng indigent na pumanaw na residente ng San Mateo ay nakatira sa California at wala siyang pinansyal na kakayahan na bayaran ang mga gastusin sa disposisyon, maaari siyang humiling ng cremation ng indigent sa pamamagitan ng pagsusumite ng form na “Financial Statement ng Pinakamalapit na Kamag-anak”. Pagkatapos masuri ang aplikasyon, tutukuyin kung kwalipikado para sa cremation ng indigent ang pinakamalapit na kamag-anak. Kung matutukoy na kwalipikado, aabisuhan siya tungkol sa pagiging kwalipikado niya at ibibigay sa kanya ang halaga ng cremation. Kung hihilinging ipadala ang na-cremate na labi, may hihilingin na karagdagang singil. ***Dapat mabayaran nang buo ang lahat ng bayarin bago isagawa ang cremation.*** Pakitandaang ***hindi kailangang*** ng Coroner ng San Mateo County na kunin ang labi ng pumanaw sa mga ganitong sitwasyon at isasagawa lang ito ***pagkatapos na mabayaran ng legal na pinakamalapit na kamag-anak ang lahat ng kinakailangang bayarin.***

MGA TAGUBILIN SA DISPOSISYON:

Kung hihilingin mo sa Coroner ng San Mateo County na kunin ang hindi kinuhang labi, dapat isagawa ang mga sumusunod na hakbang bago alisin ang pumanaw mula sa iyong pasilidad o mula sa mortuaryong napili mo na maglaan sa iyo ng pansamantalang imbakan.

- 1) Ang orihinal na “***Kalakip na Liham Tungkol sa Aplikasyon para sa Cremation ng Indigent***” ay dapat na nasagutan at nakalakip sa lahat ng iba pang dokumentong isinusumite sa Coroner.

Pangalan ng Pumanaw: _____ Numero ng Kaso ng Coroner: _____

- 2) Ang orihinal na form na **“Impormasyon Tungkol sa Pumanaw at Pinakamalapit na Kamag-anak”** ay dapat na nasagutan nang buo at nilagdaan ng tao na umaako sa responsibilidad sa masusing paghahanap.
- 3) Ang lahat ng orihinal na form na **“Financial Statement ng Pinakamalapit na Kamag-anak”** ay dapat na wastong nasagutan at nilagdaan ng bawat pinakamalapit na kamag-anak, kung naaangkop.
- 4) Kung aalisin ng Coroner ang pumanaw, kailangan mong ibigay ang pangalan ng nagsesertipikang doktor at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan kung saan nagtatrabaho ang doktor.
- 5) Pagkatapos humiling sa Coroner para sa pag-aalis, ang buong packet ay dapat na i-fax o ipadala sa Coroner para masuri. Kung aaprubahan ng Coroner ang packet, aabisuhan ka tungkol sa petsa ng pag-aalis. Kung hindi aaprubahan ang packet, aabisuhan ka tungkol sa dahilan kung bakit ito tinanggihan.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa pagkumpleto ng mga sertipiko ng pagkamatay o permit sa paglilibing sa San Mateo County Vital Records Office sa (650) 573-2395.

Pangalan ng Pumanaw: _____ Numero ng Kaso ng Coroner: _____

MGA TAGUBILIN SA KALAKIP NA LIHAM SA APLIKASYON PARA SA CREMATION NG INDIGENT

Kay:
San Mateo County Coroner's Office
225 37th Avenue
3rd Floor, Suite A31
San Mateo, CA 94403
(650) 312-5562 – (650) 571-6258 fax

Mula sa: _____

Telepono: _____

Ang kahilingang ito ay inihaharap sa Coroner ng San Mateo County, alinsunod sa Seksyon 7104 ng Health and Safety Code ng California, para alisin ang katawan ni:

Pangalan ng Pumanaw: _____

Lokasyon ng Labi: _____

Petsa ng Pagkamatay: _____ Oras ng Pagkamatay: _____

Ang mga sumusunod na form o dokumento ay kasama sa kalakip na liham na ito:

Pakilagyan ng check ang lahat ng naaangkop

Ang orihinal na form na **“Impormasyon ng Pumanaw at Pinakamalapit na Kamag-anak”** (*kinakailangan*)

Dapat isama ang liham ng pagtanggap mula sa Tanggapan ng Public Administrator ng San Mateo County (*kinakailangan*)

Ang lahat ng form na **“Financial Statement ng Pinakamalapit na Kamag-anak”**, ay dapat na wastong nasagutan at nilagdaan ng bawat pinakamalapit na kamag-anak (*kung naangkop*)

Isang nasagutang **Sertipiko ng Pagkamatay** na sertipikado ng doktor na inihain sa Health Department at mga kopya 1, 2, at 3 ng orihinal na inihaing **Permit para sa Disposisyon ng Labi ng Tao** (*kinakailangan*)

Pinapatunayan kong nagsagawa ako ng masusing pagsisikap na mahanap ang pinakamalapit na kamag-anak ng pumanaw, at kung nahanap siya, ipinaalam ko sa kanya ang tungkol sa responsibilidad niya sa wastong disposisyon ng kanyang kamag-anak. Ipinapahayag ko, sa ilalim ng parusa ng perjury, alinsunod sa mga batas ng Estado ng California, na totoo at wasto ang mga nabanggit.

Ipinatupad sa _____ (lokasyon), noong _____ (petsa)

I-print ang Pangalan at Titulo

Lagda

Para Lang sa Paggamit ng Tanggapan

Sinuri ng Deputy Coroner

Petsa

Inaprubahan ng Coroner

Petsa

Pangalan ng Pumanaw: _____ Numero ng Kaso ng Coroner: _____

IMPORMASYON TUNGKOL SA PUMANAW AT PINAKAMALAPIT NA KAMAG-ANAK

Ang form na ito ay dapat sagutan ng taong umaako sa responsibilidad sa pagsunod sa Seksyon 7104 ng California Health and Safety Code.

Background ng Pumanaw *Para sa anumang seksyon kung saan hindi alam ang impormasyon, pakisulat ang "hindi alam".

Legal na Pangalan (apelyido, pangalan, gitnang pangalan): _____

Mga kilalang alyas: _____ Lahi ng Pumanaw: _____

Petsa ng Kapanganakan: _____ Estado/Banyagang Bansa ng Kapanganakan: _____

Petsa ng Pagkamatay: _____ Oras ng Pagkamatay: _____ Petsa ng Pag-admit sa Pasilidad: _____

Lugar ng Pagkamatay: _____

Nagsesertipikang Doktor: _____ Numero ng Telepono: _____

Dahilan ng Pagkamatay: _____

Tirahan sa Oras ng Pagkamatay: _____ Bilang ng Taon sa County: _____

Nasa labas ba ng San Mateo County ang naunang tirahan ng pumanaw? Oo Hindi Hindi alam

Kung oo, saang county? _____ Natawagan mo na ba ang county na ito para sa impormasyon? Oo Hindi

Mga Resulta ng Pagsisiyasat: _____

Marital Status: Single May Asawa Biyudo/Biyuda Diborsyado/Diborsyada Hindi Alam
 Iba pa: _____

Beterano ba ang Pumanaw? Oo Hindi Hindi alam

Kung oo, pumanaw ba siya sa pasilidad ng beterano (ospital o pasilidad para sa pangangalaga)?
 Oo Hindi

Karaniwang Trabaho: _____ Bilang ng Taon sa Trabaho: _____

Uri ng Negosyo/Industriya: _____ Edukasyon (Pinakamataas na antas/degree): _____

Pangalan ng Ama (apelyido, pangalan, gitnang pangalan): _____

Pangalan sa Pagkadalaga ng Ina (apelyido, pangalan, gitnang pangalan): _____

Estado/Banyagang Bansa ng Kapanganakan ng Ama: _____

Estado/Banyagang Bansa ng Kapanganakan ng Ina: _____

Impormasyon Tungkol sa Pumanaw at Pinakamalapit na Kamag-anak (Next of Kin, NOK) 1

Pangalan ng Pumanaw: _____ Numero ng Kaso ng Coroner: _____

Pangalan ng Conservator: _____ Numero ng Telepono: _____

Pinansyal na Katayuan ng Pumanaw

Pangalan, address, at numero ng telepono ng payee o kinatawang payee na tumatanggap ng buwanang kita:

Buwanang Kita: \$ _____ Pinagkukunan: _____ Balanse ng Trust: _____ Testamento:

Oo Hindi

Medicare #: _____ Medi-Cal #: _____ SSN: _____

Pangalan ng Bangko: _____ Branch: _____ Account #: _____

Listahan ng Personal na Ari-arian at Pasilidad: _____

Listahan ng Natukoy na Pinakamalapit na Kamag-anak / Mga Kaibigan

Alinsunod sa H&S Code §7100, ang karapatang magkontrol sa disposisyon ng mga labi ng pumanaw, maliban kung may ibang tagubilin na iniwan ang pumanaw, pati na ang tungkulin sa paglilibing at pananagutan sa mga gastos nito, ay napupunta sa mga sumusunod na pinakamalapit na kamag-anak ayon sa nakalistang pagkakasunod-sunod: sinumang asawa, anak, magulang, kapatid, pamangkin, lolo o lola at pinsang buo.

Pangalan: _____ Kaugnayan: _____

Address: _____ Numero ng Telepono: _____

Pangalan: _____ Kaugnayan: _____

Address: _____ Numero ng Telepono: _____

Pangalan: _____ Kaugnayan: _____

Address: _____ Numero ng Telepono: _____

Pangalan: _____ Kaugnayan: _____

Address: _____ Numero ng Telepono: _____

Pangalan: _____ Kaugnayan: _____

Address: _____ Numero ng Telepono: _____

Pangalan ng Pumanaw: _____ Numero ng Kaso ng Coroner: _____

Dapat sagutan ng bawat pinakamalapit na kamag-anak ang form na “Financial Statement ng Pinakamalapit na Kamag-anak” kung sinasabi nilang wala silang pinansyal na kakayahang bayaran ang gastusin sa disposisyon.

Mga Pagsisikap na Isinagawa Para Matukoy at Makaugnayan ang Pinakamalapit

- Nakapanayam ang taong lumalagda bilang responsableng partido para sa pumanaw habang nasa pasilidad
- Nakipag-ugnayan sa mga ospital sa county para sa impormasyon mula sa mga lumang medikal na chart
- Sinuri ang mga rekord / medikal na chart ng pumanaw
- Nasuri ang Registrar of Voters
- Nakapanayam ang mga kaibigan / bisita
- Nakapanayam ang Social Worker
- Nakipag-ugnayan sa Social Services
- Tiningnan ang mga phone book / disc
- Nakipag-ugnayan sa Pamublikong Tagapangalaga / Conservator
- Inabisuhan ang Public Administrator
- Nakipag-ugnayan sa mga lokal na ospital na malapit sa tirahan ng pumanaw - Impormasyon:

Kung ang pumanaw ay nanirahan sa convalescent home nang mas maikli sa 4 na buwan, saan siya nanirahan bago rito?

Iba pa: _____

Mga Karagdagang Pagsisikap Para Matukoy at Makaugnayan ang

Dapat na gamitin ang seksyong ito para idokumento ang iyong mga pagsisikap na matukoy at makaugnayan ang pinakamalapit na kamag-anak. Sa bawat pagkakataong makipag-ugnayan ka sa isang tao o susubukan mong makipag-ugnayan sa isang tao, dapat mong: 1) Itala ang petsa at oras. 2) Ang pangalan ng miyembro ng kawanihan na nakikipag-ugnayan. 3) Kung kanino ka nakipag-usap at ang mga resulta ng pakikipag-ugnayan mo o pagsubok mong makipag-ugnayan. 4) Siguraduhing tanungin ang bawat isa sa mga contact mo kung may kilala silang sinumang kamag-anak, at kung oo, kunin ang kanilang pangalan, ugnayan, address, at numero ng telepono. 5) Hingin palagi sa bawat isa sa iyong mga contact ang impormasyon na posibleng makatulong sa iyo na masagutan ang sertipiko ng pagkamatay. 6) Kung nangangailangan ng higit pang espasyo, maaari kang maglakip ng mga karagdagang pahina.

Pangalan ng Pumanaw: _____ Numero ng Kaso ng Coroner: _____

Pinapatunayan kong nagsagawa ako ng masusing pagsisikap na mahanap ang pinakamalapit na kamag-anak ng pumanaw, at kung nahanap siya, ipinaalam ko sa kanya ang tungkol sa responsibilidad niya sa wastong disposisyon ng kanyang kamag-anak. Ipinapahayag ko, sa ilalim ng parusa ng perjury, alinsunod sa mga batas ng Estado ng California, na totoo at wasto ang mga nabanggit.

Ipinatupad sa _____ (lokasyon), noong _____ (petsa)

I-print ang Pangalan at Titulo

Lagda

Pangalan ng Pumanaw: _____ Numero ng Kaso ng Coroner: _____

FINANCIAL STATEMENT NG PINAKAMALAPIT NA KAMAG-ANAK

Pangalan ng Pinakamalapit na Kamag-anak: _____ Kaugnayan: _____

Petsa ng Kapanganakan: _____ Numero ng Telepono: _____ Email: _____

Address: _____

Ako si _____ (pangalan) at pinapatunayan ko na ang mga sumusunod ay wastong pagpapahayag tungkol sa aking pinansyal na katayuan sa ngayon at sa nalalapit na hinaharap.

- 1) Nakakatanggap ako ng tulong sa isa o higit pa sa mga sumusunod na programa:
(Maglakip ng kopya ng iyong pinakahuling check o ibang statement na nagpapakita ng katibayan ng tulong.)
 - SSI at SSP (Supplemental Security Income at State Supplemental Payments Program)
 - AFDC (Aid to Families with Dependent Children Program)
 - Mga Food Stamp (Programa sa Food Stamp)
 - Tulong mula sa County, General Relief (GF) o General Assistance (GA)
 - TANF/CalWorks (Temporary Aid for Needy Families/ CAL Works)
- 2) Ikaw ba ang benepisyaryo ng anumang life insurance policy ng pumanaw? Oo Hindi
 - *Kung nilagyan mo ng check ang kahon 1 sa itaas at sumagot ka ng “hindi” sa tanong 2, lagdaan lang ang ibaba ng pahinang ito at huwag nang sagutan ang iba pang bahagi ng form.*
 - *Kung nilagyan mo ng check ang kahon 1 sa itaas at sumagot ka ng “oo” sa tanong 2 sa itaas, dapat mong sagutan ang dalawang pahina ng form na Financial Statement ng Pinakamalapit na Kamag-anak.*
- 3) Ang aking buwanang kabuuang kita ay mas mababa sa halagang ipinapakita sa chart sa ibaba. (Maglakip ng kopya ng iyong pinakahuling paycheck, mga pay stub, o ibang dokumentong nagpapakita ng katibayan ng kita.)

Dami sa Pamilya (bilugan ang isa)	1	2	3	4	5	6	7	8	Bawat Karagdagan
Iyong gross na buwanang kita (bilugan ang isa)	\$1128	\$1518	\$1907	\$2297	\$2686	\$3076	\$3466	\$3855	\$390

Kung nilagyan mo ng check ang kahon 3, dapat mong sagutan ang parehong pahina ng form na Financial Statement ng Pinakamalapit na Kamag-anak.

- 4) Hindi sapat ang kita ko para magbayad para sa mga karaniwang pangangailangan sa buhay para sa akin at mga tao sa pamilyang sinusupportahan ko at magbayad para sa gastusin sa paglilibing. ***Kung nilagyan mo ng check ang kahon 4, dapat mong sagutan ang parehong pahina ng form na Financial Statement ng Pinakamalapit na Kamag-anak.***

Ipinapahayag ko, sa ilalim ng parusa ng perjury sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California, na totoo at wasto ang mga nasa itaas at nabanggit. Bilang pinakamalapit na kamag-anak ng pumanaw, nauunawaan ko na ayon sa mga batas ng Estado ng California, responsibilidad ko ang paglilibing at mga gastusin sa paglilibing sa pumanaw, kung kaya kong tugunan ito sa pinansyal na paraan. Nauunawaan ko rin na beberipikahin ng Tanggapan ng Coroner ng San Mateo County ang aking pinansyal na katayuan at kung matutukoy ng Coroner na kaya kong bayaran ang gastusin sa paglilibing, ngunit hindi ko nagawa ang tungkuling ito sa loob ng makatuwirang panahon, maaari akong sampahan ng mga misdemeanor charge sa District Attorney ng

Pangalan ng Pumanaw: _____ Numero ng Kaso ng Coroner: _____

San Mateo County at maaari rin akong papanagutin na bayaran ang Tanggapan ng Coroner ng San Mateo County ng halagang katumbas ng tatlong beses (3) ng nagastos ng County para sa paglilibing.

Ipinatupad sa _____ (lokasyon), noong _____ (petsa)

I-print ang Pangalan at Titulo

Lagda

Pangalan ng Pumanaw: _____ Numero ng Kaso ng Coroner: _____

FINANCIAL STATEMENT NG PINAKAMALAPIT NA KAMAG-ANAK

5) Buwanang kita ko (average kung nag-iiba-iba):		8) a) <input type="checkbox"/> Hindi ko kayang bayaran ang anumang gastusin sa paglilibing	
a) Ang aking kabuuang buwanang sweldo ay:	\$	b) <input type="checkbox"/> Ganitong halaga lang ang kaya kong bayaran:	\$
b) Ang mga kaltas sa sweldo ko ay:		9) Mayroong akong direkta, hindi direkta, o benepisyal na pagmamay-aring interes sa mga sumusunod na ari-arian:	
(1)	\$	a) Cash	\$
(2)	\$	b) Checking, Savings, Credit Union, Mga Bangko	
c) Ang aking buwanang natitira sa sweldo ko pagkatapos ng mga kaltas ay (a-b)	\$	(1)	\$
d) Iba pang perang natatanggap ko kada buwan:		(2)	\$
(1)	\$	c) Mga kotse, iba pang sasakyan, bangka (modelo at taon)	
e) Ang aking kabuuang buwanang kita ay (5a hanggang 5d):	\$	(1)	\$
6) Ang mga sumusunod ay ang aking mga buwanang gastusin:		(2)	\$
a) Renta, bayad sa bahay, pagmementina	\$	(3)	\$
b) Pagkain at mga produktong pambahay	\$	d) Iba pang personal na ari-arian (alahas, muwebles, atbp.)	
e) Damit	\$	(1)	\$
f) Paglalaba at paglilinis	\$	(2)	\$
g) Bayad sa medikal at dental na serbisyo	\$	(3)	\$
h) Insurance (life at health)	\$	Kabuuang Halaga ng Personal na Ari-arian (9a hanggang 9d):	\$
i) Paaralan at pangangalaga para sa anak	\$	10) Ang iba pang detalyeng sumusuporta sa aplikasyong ito ay ang mga sumusunod: (ilarawan ang mga hindi karaniwang medikal na pangangailangan, gastusin mula sa mga kamakailang emergency sa pamilya, o iba pang hindi karaniwang gastusin para tulungan ang Coroner at hukom na maunawaan ang iyong badyet. Kung nangangailangan pa ng espasyo, maaari kang magsulat sa likod ng pahinang ito.	
j) Mga utility at telepono	\$		
k) Gastos sa transportasyon at sasakyan	\$		
l) Mga installment na pagbabayad:			
(1)	\$		
(2)	\$		
(3)	\$		
m) Mga wage assignment at earnings withholding order:	\$		
n) Iba pang gastusin (tukuyin):			
(1)	\$		
(2)	\$		
o) Kabuuang Mga Buwanang Gastusin (6a hanggang 6n):	\$		
7) Buwanang Kita Nang Ibinawas ang Mga Gastusin (5e minus 6o)	\$		